



**Muling Pagbubukas ng Mga TK-12 na Paaralan Para sa Personal at On-Site na Pagtuturo
Paunang Gabay Para sa School Year 2020-2021**

Hulyo 8, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH) para magamit ng mga lokal na paaralan, at ilalathala ito sa <http://www.sfgdcp.org/covidschoolschildcare>.

AUDIENCE: Mga pampubliko, pribado, at parochial TK-12 na paaralan sa San Francisco.

LAYUNIN: Para makapagbigay ng gabay tungkol sa mga pangkalusugan at pangkaligtasang kagawian na kailangan para ligtas na makapagtutrong muli nang personal at on-site sa mga TK-12 na paaralan, pagkatapos na payagan ng San Francisco Health Officer ang mga paaralan na magbukas muli.

BACKGROUND: Isinara ang mga TK-12 na paaralan sa San Francisco at inihinto ang personal na pagtuturo noong Marso 2020 dahil sa mga pangambang magkaroon ng hawahan ng COVID-19 sa mga paaralan. Magmula noon, mabilis na lumawak ang kaalaman namin tungkol sa COVID-19. Hindi gaya ng influenza at iba pang virus na nakakaapekto sa respiratoryo kung saan ang mga bata ang karaniwang nakakapagpalaganap ng sakit, mukhang hindi ang mga bata at kabataan ang pangunahing nakakapaghawa ng COVID-19. Pangunahing kumakalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga adult, o mula sa mga adult patungo sa mga bata. Nangyari na ang pagkalat ng COVID-19 mula sa mga bata patungo sa mga adult, o ang pagkalat nito sa pagitan ng mga bata ngunit mas madalang na nangyayari ang mga ito. Mukhang mas maliit ang posibilidad na mahawa ng COVID-19 ang o maipasa ang sakit na ito sa mga bata, lalo na sa mga batang may murang edad. Lubos na mas maliit ang posibilidad ng mga bata at kabataan na magkaroon ng mga sintomas o ng malubhang kaso ng COVID-19.

Higit ding lumawak ang kaalaman namin tungkol sa kung paano kumakalat ang COVID-19 at kung paano hindi mahawa sa sakit na ito. May patunay na kami ngayon na mabisang nakakatulong ang ilang partikular na pag-iingat na mabawasan ang panganib na mahawa ng COVID-19. Sa pamamagitan ng koordinasyon at pagkakaroon ng iba't ibang mabisang intervention, lubos nating mapapababa ang panganib na mahawa ng COVID-19 ang mga mag-aaral at adult na tauhan, na mas mataas ang kabuuang panganib na mahawa ng COVID-19 kaysa sa mga mag-aaral at ang kanilang mga pamilya.

Ang mga rekomendasyon sa ibaba ay batay sa pinakamahasag na agham na mayroon na sa panahong ito at sa kasalukuyang dami ng mahawa ng COVID-19 sa San Francisco. Maaaring magbago ang mga ito kapag nagkaroon ng bagong kaalaman at kapag nagbago ang paglaganap ng sakit sa lokal na komunidad.

Mga Nilalaman

[Mahahalagang Mensahe Para sa Mga Paaralan](#) 2

[Maghanda para sa muling pagbubukas](#) 3

[Mga pagsasaalang-alang sa tauhan](#) 4

[Mga pagsasaalang-alang sa mag-aaral](#) 5


[Mgaistratehiya para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan](#) 5



Pigilang makapasok ang COVID-19 sa paaralan	5
I-screen o suriin ang lahat ng pumapasok sa campus	5
Ipagbawal ang mga non-essential na bisita	5
Mga Hindi Pabago-bagong Cohort ng Mga Tauhan at Mag-aaral	6
Limitahan ang paghahalo-halo ng mga cohort	6
Physical distancing	7
Sa silid-aralan	7
Sa labas ng silid-aralan	8
Mga pantakip sa mukha	8
Hygiene ng Kamay	10
Bentilasyon at Mga Outdoor na Espasyo	10
Limitahan ang paghihiraman	10
Paglilinis at Pag-disinfect	11
Mga partikular na sitwasyon	11
Transportasyon	11
Pagdating at Pag-uwi	12
Oras ng pagkain	13
Mga Break Room ng Tauhan/Work Room ng Guro	13
Grupong Kantahan/Chorus, Banda, Sports, at Mga Field Trip	14
Mga mag-aaral na nakakatanggap ng mga espesyal na serbisyo	14
Kapag may mga sintomas ng COVID-19 ang isang tauhan o mag-aaral	15
Kapag nagpositibo sa COVID-19 ang isang tauhan o mag-aaral	15
Mga Resource	16

Mahahalagang Mensahe Para sa Mga Paaralan


- **Tugunan ang pagkakahawa sa pagitan ng mga adult, at ang mga adult bilang mga pinagnumulan ng impeksyon.** Batay sa mga setting ng day care at sa mga summer camp, alam nating ang mga tauhan ay ang pinakamadalas na dahilan ng pagkakahawaan sa COVID-19 sa isang pasilidad, hindi ang mga bata.
- **Ang pag-iwas ng hawahan sa pagitan ng mga tao na nangyayari sa pamamagitan ng mga respiratory droplet ay mas mahalaga kaysa sa madalas na paglilinis at pag-disinfect.** Pangunahing kumakalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga tao sa pamamagitan ng mga respiratory droplet.



- **Tandaang dapat ay makapasok sa ilong, bibig, o mga mata ng tao ang virus para makapagdulot ng impeksyon.** Para mahawahan ng COVID-19 mula sa paghawak ng kontaminadong surface, dapat munang mapunta sa mga kamay ng tao ang virus, at pagkatapos ay humawak sa kanyang mga mata, ilong, o bibig. Napipigilan ang hawahan sa pamamagitan ng madalas na paghuhugas ng kamay.
- **Mas madaling puksain ang coronavirus kumpara sa norovirus.** Epektibo ang karamihan sa mga produktong panlinis ng bahay. Sa pangkalahatan, hindi kailangan ng mga propesyonal na serbisyo ng pag-deep clean.
- **Ang paggamit ng PPE ay hindi nangangahulugang hindi na kailangan ang physical distancing, mga portable na barrier/partisyon, at mga unibersal na pantakip sa mukha.** Mali na ipinagpapalagay ng mga tao na secure na sila kapag gumagamit sila ng PPE. Sa pangkalahatan, mas mahalaga ang physical distancing, mga barrier, at mga pantakip sa mukha sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan.
- **Nasusukat ang pagkakalantad sa panganib sa pagtaas at pagbaba nito, hindi ito mailalarawan bilang mayroon o wala.** Bilang pamantayan, dapat tumagal ang isang tao nang kahit 10-15 minuto man lang nang may distansyang hindi hihigit sa 6 na talampakan mula sa isang taong may COVID-19 para magkaroon ng panganib na mahawa. Mas mababa ang panganib kapag mas maiikli ang pakikipagsalamuha at mas magkakaayo. Nakakatulong ang mga unibersal na pantakip sa mukha na mapababa ang panganib, at mas mababa ang panganib kapag nasa labas kaysa kapag nasa loob. Kabilang sa iba pang sanhi ay kung ang nahawang tao ay bumabahing o umuubo, o may ginagawang aktibidad na nagreresulta sa pagkakaroon ng mas maraming respiratory droplet (hindi pagsasalita < tahimik na pakikipag-usap < malakas na pagsasalita < pagkanta).

Maghanda para sa muling pagbubukas

- Magtakda ng tauhang liaison na nakatuon sa COVID-19 upang maging nag-iisang taong makakaugnayan sa bawat paaralan para sa mga tanong o alalahanin tungkol sa mga kagawian, protocol, o potensya na pagkakahawa. Magsisilbi ring liaison sa SFDPH ang taong ito.
- Magpatupad ng mga pangkalusugan at pangkaligtasang protocol para mapigilan ang pagkakahawa sa COVID-19, gaya ng iniaatas ng anumang Pangkalusugang Kautusan ng SFDPH na pinapayagan ang mga paaralan na muling magbukas.
 - Sanayin ang mga tauhan at mag-aaral tungkol sa mga pangkalusugan at pangkaligtasang kagawian.
 - Gumawa ng pangkalusugan at pangkaligtasang plano na naglalarawan sa gagawin ng paaralan para maipatupad ang mga kailangan sa gabay na ito at ang anumang nauugnay na direktiba o kautusan ng Health Officer. Ibahagi ang planong ito sa mga tauhan, pamilya, mag-aaral, at iba pang miyembro ng komunidad ng paaralan.
- Makipagtulungan sa SFDPH para masuportahan ang mgaistratehiya sa pagsusuri para malimitahan ang pagkalat ng COVID-19. Maaaring kasama rito ang pagsusuri para sa mga tauhan o mag-aaral, nang may pahintulot ng magulang.



- Magpatupad ng mga protocol para sa mga tauhan at mag-aaral na may mga sintomas ng COVID-19 at para sa pakikipag-ugnayan sa mga tauhan, mag-aaral, at pamilya kapag nailantad sa COVID-19 o kapag may nakumpirmang kaso ng COVID-19 sa paaralan.

Mga pagsasaalang-alang sa tauhan

- Protektahan ang mga tauhan lalo na ang mga tauhang mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19. Tingnan ang sfcdcp.org/covid19hcp para sa listahan ng mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19.
 - Mag-alok ng mga opsyong naglilimita sa pagkakalantad sa panganib sa mga tauhang kabilang sa mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19 (hal., telework, pagtatakda sa ibang gawain, mga binagong tungkulin sa trabaho para maging mas kaunti ang pagkakataon ng direktang pakikisalamuha sa mga mag-aaral at tauhan).
 - Hindi dapat itakda ang mga hindi medikal na tauhang mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19 para sumuri ng mga mag-aaral na hindi maganda ang pakiramdam o mag-monitor/mag-alaga ng mga mag-aaral na may saki na naghihintay na masundo.
 - Unahing bigyan ng mga portable na plexiglass barrier o iba pang partisyon ang mga guro at iba pang tauhang nabibilang sa mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19 o para sa mga taong kailangang direktang makisalamuha sa maraming mag-aaral o adult, tulad ng mga guro sa middle school at/o high school.
 - Magbigay ng portable na plexiglass na barrier o ibang barrier, o gumamit ng clear na bintana para sa mga tauhan kapag nagsasagawa ng pagsusuri para sa mga sintomas ng COVID-19 (mga taong pumasok sa paaralan, mag-aaral na hindi maganda ang pakiramdam).
 - Pag-isipang magbigay ng mga face shield na dapat gamitin nang nakasuot ng mga pantakin sa mukha para sa mga tauhang may mga tungkulin kung saan mahirap panatilihin ang distansyang 6 na talampakan, tulad ng mga guro ng mga mas batang mag-aaral ng elementarya. Kung limitado ang mga supply ng mga face shield, ibigay muna ang mga ito sa mga tauhang nabibilang sa mga grupong mas nanganganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19.
- Magplano para sa mga 10-14 na araw na pagliban ng mga tauhan dahil sa pagkakahawa ng o pagkakalantad sa COVID-19 kapag dumami na ang mga nahahawa sa komunidad. Magbigay ng cross-training sa mga tauhan at magkaroon ng listahan ng mga kapalit na tauhang may training. Maging handa sa pagbibigay ng distance learning sa mga mag-aaral na may mga gurong dapat manatili sa bahay dahil sa pagkakahawa ng o pagkakalantad sa COVID-19, at walang iba pang guro na malakapagturo.



Mga pagsasaalang-alang sa mag-aaral

- Isapriyoridad ang mga mag-aaral na malamang na makakaranas ng pinakamalaking negatibong epekto mula sa kawalan ng kakayahang aktwal na makapasok sa paaralan, nang isinasaalang-alang ang equity.
- Huwag ibubukod ang mga mag-aaral mula sa aktwal na pagpasok dahil lang sa mga medikal na kundisyon gaya ng diabetes, hika, leukemia, at iba pang medikal na kundisyong maaaring lumubha, at mga autoimmune na sakit na maaaring maglagay sa kanila sa mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang kaso ng COVID-19. Payagan ang medical team at pamilya ng bata na magpasiya kung ligtas na pumasok nang aktwal.

Mgaistratehiya para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan

Pigilang makapasok ang COVID-19 sa paaralan

I-screen ang lahat ng pumapasok sa campus


- Tanungin ang lahat ng taong pumapasok sa gusali o campus tungkol sa mga sintomas at pagkakatandag sa COVID-19, kabilang ang mga tauhan, mag-aaral, magulang/tagapangalaga, contractor, bisita, at opisyal ng gobyerno. Hindi kasama rito ang mga tauhang pang-emergency na tumutugon sa 9-1-1 na tawag.

Hindi dapat payagan sa campus ang mga adult na may mga sintomas ng o nailantad sa COVID-19. Dapat pauwiin ang mga mag-aaral na may mga sintomas. Panatilihing nasa nakatalagang isolation room ang mga mag-aaral na naghihintay na masundo. (Tingnan ang “Kapag may mga sintomas ng COVID-19 ang isang tauhan o mag-aaral.”)

- Para sa mga detalye tungkol sa pagsusuri, sumangguni sa [Mga Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Teenager \(COVID-19 Health Checks for Children and Youth\)](#) (pagsusuri ng mag-aaral) at [Pagbibigay ng Mga Tanong Para sa Screening ng COVID-19 sa Anumang Negosyo, Organisasyon, o Pasilidad \(Asking COVID-19 Screening Questions at Any Business, Organization or Facility\)](#) (mga adult)
- Maaari ding pilin ng mga paaralan na kailanganin ang pagkuha ng temperatura na gagawin sa paaralan o kaya sa bahay na gagawin ng mga magulang.
- Dapat manatili sa bahay ang mga tauhan at mag-aaral na may sakit.
- Isaalang-alang na hilingin o iatas sa mga mag-aaral at tauhan na bumiyahen sa labas ng San Francisco Bay Area na manatili sa bahay nang 14 na araw bago bumalik sa paaralan. Hindi ito nalalapat sa mga tauhan at mag-aaral na nag-commute mula sa mga lugar sa labas ng San Francisco.
- Hikayatin ang mga kapamilya ng mga mag-aaral at tauhan na may mga sintomas ng COVID-19 na magpasuri kaagad bago sila makahawa sa mga mag-aaral at tauhan.

Ipagbawal ang mga non-essential na bisita

- Limitahan ang mga non-essential na bisita kabilang ang mga volunteer.



- Huwag magpapasok ng mga magulang at iba pang kapamilya sa paaralan. Huwag payagan ang mga kapamilya na pumasok sa mga silid-aralan at iba pang lugar para sa mga mag-aaral.
- Baguhin ang pamamaraan para sa mga tour sa paaralan at open house upang matugunan ang mga alituntunin para sa laki ng grupo, pagsusuri, physical distancing, mga pantakip sa mukha, hygiene ng kamay, at paglilinis at pag-disinfect. Huwag payagan ang mga tour kapag naroroon ang mga mag-aaral. Magkaroon ng listahan ng lahat ng taong nasa paaralan.

Mga Hindi Pabago-bagong Cohort ng Mga Tauhan at Mag-aaral

Ang pagpapanatili ng mga guro at mag-aaral sa iisang grupo ay nakakatulong na mapababa ang kanilang panganib na mailantad sa pamamagitan ng pagbawas sa bilang ng mga taong nakakasalamuha nila sa bawat araw.

- Para sa mga paaralang elementarya, panatilihin nasa hindi pabago-bagong cohort ng silid-aralan ang mga mag-aaral (hindi mas malaki sa pamantayang laki ng klase para sa bawat na kaukulang baitang) na may iisang guro para sa buong araw.
- Para sa mga middle school at high school, pinapayagan ang mas malalaking cohort na binubuo ng mga mag-aaral mula sa higit sa isang silid-aralan. Hangga't maaari, panatilihin maliit ang mga cohort, habang tinitiyak na hindi nakabukod-bukod ang mga cohort ayon sa lahi/etnisidad o socioeconomic na antas. Hangga't maaari, iimitahan ang pagpapalipat-lipat ng mga mag-aaral at guro. Pinapahintulutan ang pagpapalipat-lipat ng mga mag-aaral sa pagitan ng mga cohort para matugunan ang mga pang-edukasyong pangangailangan ng mga mag-aaral.
 - Isaalang-alang ang mga block na iskedyul o iba pang iskedyul na may mas mahahabang klase at mas kaunting mga subject kada araw para mabawasan ang bilang ng mga mag-aaral na nakakasalamuha ng guro sa bawat araw. Makakatulong din ito na mabawasan ang mga pagkakataon na magkahalo-halo ang mga mag-aaral sa mga pasilyo kapag lumilipat ng klase. Kung nakapili na ng block na iskedyul, hindi dapat magbago ang mga cohort sa loob ng 3-4 na linggo.
- Dapat idokumento ng mga tauhan ng paaralan ang mga pagbisita sa mga silid-aralan na hindi bahagi ng kanilang cohort. Isaalang-alang na maglagay ng sign-in sheet/log sa pinto ng silid-aralan.

Limitahan ang paghahalo-halo ng mga cohort

- I-stagger ang mga iskedyul para sa pagdating/pag-uwi, recess, at tanghalian para maiwasan ang paghahalo-halo ng mga cohort.
- Magtalaga ng mga partikular na rota para sa pagpasok at paglabas sa campus para sa bawat cohort gamit ang maraming pasukan/labasan hangga't maaari.
- Bawasan ang paggalaw ng mga mag-aaral sa mga pasilyo
Mga hali mbawa ng mga istrategiya para mapanatiling walang tao sa mga pasilyo:
 - Kung posible, hayaang ang mga guro ang magpapalipat-lipat ng silid-aralan para sa iba't ibang subject habang nananatili sa silid-aralan ang mga mag-aaral.




- I-stagger ang mga oras ng pagpapalit ng klase para isang cohort lang ang nasa pasilyo sa anumang partikular na oras. Isaalang-alang na gumawa ng mga one-way na pasilyo para mabawasan ang pagkukumpulan. Maglagay ng mga pisikal na gabay, tulad ng tape, sa mga sahig at bangketa para markahan ang mga one-way na rota.
- Magtalaga ng magkakatabing silid-aralan sa mga gurong nasa iisang cohort para mabawasan ang distansyang nilalakad ng mga mag-aaral sa pagitan ng mga klase.
- Kasalukuyang ipinagbabawal ang mga pagtitipon nang mas malaki sa isang cohort (ibig sabihin, mga asamblea sa paaralan, mga pagtatanghal, pagpupulong sa umaga).

Physical distancing

- Hangga't maaari ang mga tauhan sa mga paaralan ay dapat magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa iba pang adult.
 - Magtaguyod ng mga workspace para sa mga tauhan para hindi sila nagtatrabaho nang may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa.
 - Isaalang-alang ang mga virtual na meeting gamit ang mga app para sa video conferencing para sa mga meeting ng magulang at guro at meeting ng mga tauhan, kahit na nasa campus ang lahat ng tauhan.
- Kapag posible, dapat magpanatili ang mga tauhan ng distansyang 6 na talampakan mula sa mga mag-aaral.
- Mas mainam kung magpanatili ng distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa ang mga mag-aaral. Kapag limitado ang espasyo, pinapayagan ang 3-6 na talampakang distansya sa silid-aralan.
 - Mag-alis ng mga kasangkapan tulad ng mga bookshelf, sofa, at lugar para sa paglalaro para mapalawak ang espasyong mailalaran sa pagitan ng mga mesa ng mag-aaral.
 - Isaalang-alang na gumamit ng iba pang lugar sa campus tulad ng mga cafeteria at bulwagan para sa pagtuturo para magkaroon ng mas malawak na espasyo.
 - Kahit na may mga limitasyon sa espasyo, dapat ay 6 na talampakan ang distansya ng mga mesa ng mga tauhan mula sa mga mesa ng mag-aaral.
- Paaralang elementarya: Sa panahon ng mga panggrupong aktibidad, paglalaro, at recess, maaaring iuwagan ang physical distancing para sa mga mag-aaral sa mga stable na cohort sa silid-aralan na may suot na mga pantakip sa mukha. Kapag nasa labas o nasa mga pampublikong espasyo, dapat isaprioridad ang pag-iwas ng mga pakikisalamuha sa pagitan ng mga cohort kaysa sa paglayo ng mga mag-aaral sa isang cohort.
- Middle school at high school: Mas mahalaga ang physical distancing ng mga mag-aaral kapag ang mga cohort ng mag-aaral ay mas malaki kaysa sa isang klase, o kung may mga pagpapalipat-lipat na nangyayari sa pagitan ng mga cohort.

Sa silid-aralan

- Iharap ang mga mesa sa iisang direksyon para hindi nakaupo ang mga mag-aaral nang nakaharap sa isa't isa.



- Kapag kailangan ng mga mag-aaral na umupo nang may distansyang mas maikli sa 6 na talampakan mula sa isa't isa,
 - Isaalang-alang na gumamit ng mga privacy board o clear na screen
 - Paupuin ang mga mag-aaral sa parehong upuan kung saan sila umuupo sa bawat araw kung posible. Iwasan ang mga pagbabago-bago ng mga puwesto ng pag-upo nang higit sa isang beses kada 3-4 na linggo, maliban na lang kung kailangan para sa kaligtasan o kapakanan ng mag-aaral. Kung lilipat ng silid-aralan ang mga cohort para sa iba't ibang subject, subukang panatilihin ang parehong mga puwesto ng pag-upo sa lahat ng klase.

Sa labas ng silid-aralan

- Limitahan ang bilang ng mga taong gumagamit ng mga banyo, elevator, locker room, kuwarto ng mga tauhan, at katulad na pampublikong espasyo para maisagawa ang 6 na talampakang pagdistansya. Maaaring gamitin ang magkakatabing stall ng banyo. Magpaskil ng mga paunawa tungkol sa mga limitasyon sa paggamit.
- Sa mga lugar kung saan nagsasama-sama o naghihintay sa pila ang mga mag-aaral, mag-agay sa sahig o sa mga pader ng markang 6 na talampakang distansya mula sa isa't isa para isaad kung saan tatayo.
- Isaalang-alang na ihinto ang paggamit ng mga locker sa mga pasilyo at iba pang pampublikong espasyo. Kung gagamitin ang mga ito, tiyak na may 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga mag-aaral na nag-a-access ng mga locker.
Halimbawa: Magtalaga ng mga locker para mabigyan ng mga locker na may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa ang mga mag-aaral sa parehong cohort, at i-stagger ang mga oras ng pag-access sa locker sa pagitan ng mga cohort.
- Isaalang-alang na suspindihin ang mga pangangailangan sa uniporme para sa PE para hindi kailanganin ng mga mag-aaral na gamitin ang locker room para magpalit.

Mga pantakip sa mukha


Nakakatulong ang mga pantakip sa mukha na mangilang makahawa ng iba ang mga tao sa pamamagitan ng pagpigil sa mga respiratory droplet bago liparin ang mga ito.

- Ang lahat ng indibidwal, kabilang ang mga tauhan at mag-aaral para sa lahat ng edad ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha na tumatakip sa kanilang ilong at bibig habang nasa paaralan/campus.
- Hindi kasama rito ang mga mag-aaral na may mga dokumentadong medikal o sikolohikal na kontraindikasyon sa mga pantakip sa mukha. Dapat ipuwesto ang kanilang upuan nang may distansyang 6 na talampakan mula sa iba pang mag-aaral, kapag posible itong gawin nang hindi ipinapahiya o nagdudulot ng stigma sa mag-aaral.
- Pinapayagan ang mga tauhang may dokumentadong medikal na kontraindikasyon sa pantakip sa mukha na magsuot ng face shield na may tela sa ibaba na nakasukok sa damit.
https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/COVID-19/Guidance-for-Face-Coverings_06-18-2020.pdf



- Hindi maaaring pumasok sa gusali o campus ang mga tauhan, mag-aaral, at bisita maliban na lang kung may suot silang pantakip sa mukha o may dokumentasyon sila ng medikal na kontraindikasyon sa mga pantakip sa mukha. Magkaroon ng supply ng mga pantakip sa mukha para sa mga indibidwal na nakalimutang magdala nito.
- Hindi dapat ibukod ang mga mag-aaral sa elementarya at ang mga mag-aaral na may developmental delay kung hindi sila palaging makakapagsuot ng pantakip sa mukha. Patuloy silang hikayatin at paalalahanang isuot ang kanilang pantakip sa mukha.
- Isapriyoridad ang pagsusuot palagi ng mga pantakip sa mukha kapag nasa mga pasilyo, banyo, at iba pang lugar kung saan maaari silang makasalubong ng mga tauhan at mag-aaral mula sa iba pang silid-aralan. Isapriyoridad din ang pagpapasuot ng mga pantakip sa mukha para sa mga mas batang mag-aaral sa panahong maluwag ang physical distancing.
- Maaaring alisin ang mga pantakip sa mukha sa panahon ng aktibong pag-eehersisyo kapag may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa ang mga mag-aaral.
- Kung nahhirapan ang mga mag-aaral na buong araw na magsuot ng pantakip sa mukha, magtalaga ng mga panahon kung kailan maaari nilang alisin ang mga pantakip sa mukha, halimbawa, kapag mag-isa silang nagtatrabaho sa magkakaaway na istasyon. Ipaalala sa mga mag-aaral na isuot ang kanilang pantakip sa mukha bago magsalita.
- Ang mga speech and language therapist at mga tauhanang nag-aasikaso ng mga mag-aaral na may problema sa pandinig ay maaari ding gumamit ng face shield na may telang nakasuksok sa damit, kung nakakaabala ang pantakip sa mukha sa kanilang pakayahang mag-asikaso ng mga mag-aaral. Maaari ding gumamit ng clear na mask o clear na portable na barrier tulad ng plexiglass barrier. Sa pangkalahatan, ang barrier ang pinakamahusay na proteksyon para sa mag-aaral at tauhan. Dapat ay magsuot palagi ng pantakip sa mukha ang tauhan.
- Hindi dapat gamitin ang mga face shield bilang pamalit sa mga pantakip sa mukha sa iba pang sitwasyon dahil hindi napatunayan ang nakakaipigil ang mga face shield na makahawa ng iba. Nagbibigay ng karagdagang proteksyon ang mga face shield para sa nagsusuot nito.

Ang dokumentong ito ay na-update noong Agosto 10, 2020. Nagsisimula ang pagpapalitan ng Filipino



Hygiene ng Kamay

Naaalis ng madalas na paghuhugas ng kamay at paggamit ng hand sanitizer ang mga mikrobyo ng COVID-19 sa mga kamay ng mga tao bago sila maimpeksyonan sa pamamagitan ng paghawak sa kanilang mga mata, ilong, o bibig.

- Gumawa ng mga routine at iskedyul para sa mga tauhan at mag-aaral sa lahat ng baitang para mahugasan at ma-sanitize ang kanilang mga kamay sa mga naka-stagger na interbal, lalo na bago at pagkatapos kumain, kapag papasok/muling papasok sa silid-aralan, bago at pagkatapos humawak ng kagamitang ginagamit din ng ibang tao tulad ng mga keyboard ng computer.
- Ang bawat silid-aralan/lugar ng pagtuturo at common area (mga work room ng tauhan, kainan) ay dapat ay may hand sanitizer o lugar para makapaghugas ng kamay kapag papasok.
- Magpatupad ng mga pamamaraan para matiyak na hindi mauubusan ng sabon o mga papel, towel ang mga lababo at istasyon para sa paghuhugas ng kamay, at para masigurong hindi mauubusan ng hand sanitizer.
- Magpaskil ng mga paunawa na naghihikayat sa hygiene ng kamay. Makakapag-download ng paunawa tungkol sa hygiene ng kamay sa maraming wika sa <http://eziz.org/assets/docs/MM-825.pdf>


Bentilasyon at Mga Outdoor na Espasyo

Kapag mas maganda ang sirkulasyon ng sariwang hangin, mapapababa ang panganib na mahawa sa pamamagitan ng "pag-dilute" sa anumang nakakahawang respiratory droplet gamit ang sariwang hangin. Mas mababa pa ang panganib kapag nasa labas.

- Kapag nagtuturo at kumakain, gumamit ng mga outdoor na espasyo hangga't maaari.
- Magbukas ng mga bintana at pinto para mas maganda ang sirkulasyon ng sariwang hangin, kung ligtas itong gawin at hindi ito makakalala sa mga allergy o hika ng mga indibidwal.
- Isaalang-alang na magtalaga ng mga outdoor na espasyo para sa bawat cohort at lagyan ng marka ang mga hangganan para matiyak na mananatili ang mga mag-aaral sa kanilang cohort kapag nasa outdoor.
- Limitahan ang paggamit ng kagamitan sa palaruan na ginagamit ng iba pang tao at pumili ng mga aktibidad na hindi kailangang gaanong humawak sa mga surface na hinahawakan ng iba pang tao.
 - Kung ginamit ito, kailangan lang ng regular na pagmementina ng mga outdoor na palaruan/natural na lugar para sa paglalaro. Tiyaking maghuhugas o magsa-sanitize ang mga bata ng kanilang mga kamay bago at pagkatapos gamitin ang mga espasyong ito. Kapag isinasapriyordad ang hygiene ng kamay, hindi kailangan ng paglilinis at pag-disinfect sa pagitan ng mga cohort.

Limitahan ang paghihiraman

- Hangga't maaari, limitahan ang paghihiraman ng mga art supply, manipulative, at iba pang materyal na madalas na hinahawakan. Kung posible, bigyan ng sariling set ng mga supply ang bawat mag-aaral. Ilagay sa magkakahiwalay at may personal na label na kahon o cubby ang mga supply at pagmamay-ari ng bawat mag-aaral.
- Iwasan ang paghihiraman ng mga electronic na device, kagamitang pang-sports, damit, aklat, laro, at iba pang learning aid kapag posible.



- Linisin at i-disinfect ang mga supply at kagamitang pinaghihiraman ng mga mag-aaral.

Paglilinis at Pag-disinfect

Madaling puksain ang COVID-19 at epektibo ang karamihan ng mga disinfectant na ginagamit sa bahay. Sumangguni sa [N na Listahan ng EPA](#) para sa mga disinfectant para sa COVID-19 na inaprubahan ng EPA.

- Linisin at i-disinfect nang kahit araw-araw man lang ang mga surface na madalas na hinahawakan.
- Regular na paglilinis versus “pag-deep clean” para sa COVID-19
Maaaring maging mapanlinlang ang terminong “pag-deep clean” at hindi ginagamit ng CDC ang terminong ito.
 - Nakatuon ang regular na paglilinis sa mga surface na madalas na hinahawakan tulad ng mga hawakan ng pinto, mesa, countertop, telepono, keyboard, switch ng ilaw, hawakan, kubeta, at gripo.
 - Sa regular na paglilinis, ang paglilinis pagkatapos ng paggamit ng taong pinaghihinalang may COVID-19 o may kumpirmadong kaso ng sakit na ito ay **gumagamit ng mga parehong panlinis at disinfectant** ngunit kasama rito ang mga sumusunod na hakbang:
 - Magbukas ng mga bintana at gumamit ng mga fan para mas maganda ang sirkulasyon ng sariling hangin sa mga lugar na lilinis.
 - Maghintay nang 24 na oras o hanggang sa kailangan bago maglinis at mag-disinfect. Inirekomenda ng CDPH na maghintay nang kahit 1 oras man lang.¹
 - Linisin at i-disinfect ang lahat ng surface sa mga lugar na ginamit ng may sakit na tao, kabilang ang mga electronic na kagamitan tulad ng mga tablet, touch screen, keyboard, at remote control. I-vacuum ang espasyo kung kailangan.
- Para sa mga detalye, sumangguni sa mga alituntunin ng CDC tungkol sa “Paglilinis at Pag-disinfect ng Iyong Pasilidad (Cleaning and Disinfecting Your Facility)” sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html> at sa mga alituntunin ng CDC para sa paglilinis ng mga paaralan at pasilidad ng komunidad sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html#Cleaning>


Mga partikular na sitwasyon

Transportasyon

Dabil ang mga sasakyan ay maililit na nakasaradong espasyo kung saan hindi magagawa ang physical distancing, maaaring maging lugar ang mga ito kung saan mataas ang panganib na mahawa ng COVID-19. Mas mababa ang panganib kapag nagbibisikleta o naglalakad kaysa sa pagsakay nang magkakasama sa mga sasakyan.

- Mga School Bus

¹ Mga Kalusugan sa Kalusugan ng Kalusugan ng Kalusugan ng Kalusugan ng Kalusugan ng Outpatient Healthcare Facility Infection para sa Suspect COVID-19 Pasyente (CDPH Outpatient Healthcare Facility Infection Control Recommendations for Suspect COVID-19 Patients
<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/OutpatientHealthcareFacilityInfectionControlRecommendationsforSuspectCOVID19Patients.aspx>



- Isaalang-alang na magsuri ng mga mag-aaral para sa mga sintomas ng at pagkakatandag sa COVID-19 bago sila payagang sumakay.
- Ang mga driver at pasahero ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha na nagtatakip sa kanilang ilong at bibig, maliban na lang kung may dokumentadong medikal o sikolohikal na kontraindikasyon ang isang mag-aaral. Ang mga driver ay may supply dapat ng mga pantakip sa mukha kung sakaling makalimutan ng mag-aaral ang kanyang pantakip sa mukha.
- Dapat umupo ang mga mag-aaral sa puwestong may distansyang 6 na talampakan mula sa driver.
- Lawakan ang espasyong mailalaan sa pagitan ng mga mag-aaral. Maaaring umupo nang magkakatabi ang mga mag-aaral na nakatira sa iisang bahay. Paupuin ang mga mag-aaral sa parehong upuan kung saan sila umuupo kapag posible.
- Depende sa panahon at kung ligtas na gawin, panatilihin ang mga bintana ng sasakyan kapag magagawa ito.
- Dapat linisin at i-disinfect araw-araw ang mga bus. Dapat magbigay sa mga driver ng mga disinfectant na pamunas at disposable na guwantes para mapunasan nila ang mga surface na madalas na hinahawakan.
- Pampublikong transportasyon: Sa pamamagitan ng naka-stagger na oras ng pasukan, magagawa ng mga mag-aaral at tauhan na gumamit ng pampublikong transportasyon sa oras na mas kaunti ang tao. Makakabawas ito sa panganib na mailantad sa sakit. Makakatulong din itong matugunan ang mga isyu tungkol sa equity na nauugnay sa mga hadlang sa pagpunta sa paaralan.
- Mga carpool at magkakasamang pagsakay: Abisuhan ang mga tauhan at pamilya na makipag-carpool sa parehong matatag na grupo ng mga tao. Buksan ang mga bintana at palawakin ang sirkulasyon ng sariwang hangin kapag posible. Dapat ay may suot na pantakip sa mukha ang lahat ng nasa sasakyan.

Pagdating at Pag-uwi

Kung magtitipon-tipon at makikipagsalanuha ang mga mag-aaral at magulang/tagapangalaga mula sa iba't ibang bahay sa oras ng pagdating at pag-uwi, nagkakaroon ng oportunidad na kumalat ang COVID-19 sa komunidad ng paaralan.

- I-stagger ang mga oras ng pagdating at pag-uwi kung saan gagamit ng iba't ibang pasukan/labasan para sa bawat cohort.
- Markahan ang mga espasyo nang may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa para sa mga mag-aaral na naghihintay na makapasok sa gusali at para sa mga adult na naghihintay na makapagsundo ng mga mag-aaral. Magpaskil ng mga paunawa para mapaalalahanan ang mga miyembro ng pamilya na magpanatili ng distansyang 6 na talampakan mula sa mga taong mula sa ibang bahay kapag inihahatid o sinusundo ang kanilang estudyante.
- Kailangan ang mga pantakip sa mukha para sa mga adult na personal na naghahatid o nagsusundo ng mga bata. Magbigay ng mga pantakip sa mukha para sa mga miyembro ng pamilya na nakalimutan ang kanilang pantakip sa mukha.



Oras ng pagkain


Partikular na mataas ang panganib na magkaroon ng hawahan ng COVID-19 kapag magkakasamang kumakain dahil kailangang alisin ng mga tao ang kanilang mga mask para makakain at makainom. Madalas na hinahawakan ng mga tao ang kanilang mga bibig kapag kumakain. Bukod pa rito, ang oras ng pagkain ay karaniwang itinuturing na oras para magkakasamang mag-usap na higit na nakakadagdag sa panganib, lalo na kung kailangang magsalita nang malakas ang mga mag-aaral para marinig.

- Kumain sa mga silid-aralan ng cohort o sa labas sa halip na kumain sa mga cafeteria o dining room kapag posible. Ilagay ang mga pagkain sa magkakahiwalay na plato o bag. Huwag gumamit ng mga mesang ginagamit ng marami o ng mga self-service na buffet.
- Mas mainam na kumain sa labas kaysa sa loob ng silid-aralan dahil mas maganda ang sirkulasyon ng hangin. Maaaring may bubungan ang mga kainan sa labas (ibig sabihin, may awning), ngunit hindi maaaring sarado sa mga gilid.
 - Magtalaga ng kainan para sa bawat klase, at markahan ang mga lugar kung saan uupo ang mga mag-aaral nang may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa. Kapag walang minarkahang espasyo, uupo ang karamihan ng mga mag-aaral nang mas malapit sa isa't isa.
- I-stagger ang oras ng tanghalian para mapalawak ang paggamit ng espasyo sa labas at mapigilan ang paghahalo ng mga cohort.
- Isaalang-alang na ipadala ang mga pagkain sa silid-aralan o sa kainan sa labas sa halip na papuntahin sa cafeteria ang mga mag-aaral para sa mga pagkain.
- Tiyaking maghuhugas kaagad ng kamay ang mga mag-aaral at tauhan o gagamit kaagad sila ng hand sanitizer bago at pagkatapos kumain. Partikular na pagtuunan ng pansin ang mga mas batang mag-aaral na malamang na kakain gamit ang kanilang mga kamay o na susubo o didila ng kanilang mga kamay.
- Isaalang-alang na simulan ang tanghalian sa oras para sa tahimik na pagkain, na susundan ng oras para sa pakikipag-usap, para mapigilan ang pagsasalita habang hindi nakasuot ang mga mask.
- Partikular na maging alisto sa pagpapantili ng distansyang 6 na talampakan mula sa mga mag-aaral at sa pagtiyak na nananatili ng may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa ang mga mag-aaral kapag hindi nakasuot ang mga mask ng mga mag-aaral para makakain. Kung kumakain sa silid-aralan, tiyaking hangga't maaari ay malayo ang distansya ng mga mag-aaral mula sa isa't isa.
- Linisin at i-disinfect ang kainan sa pagitan ng magkaibang klase. Hindi kailangang i-disinfect ang mga bangketa at aspalto.

Mga Break Room ng Tauhan/Work Room ng Guro

Karaniwang hindi itinuturing ng mga tauhan ang kanilang mga sarili at mga kasamahan nila bilang mga pinagmumulan ng impeksyon, at nakakalimutan nilang magsagawa ng mga pag-iingat kasama ang mga katrabaho, lalo na sa panahon ng pakikisalamuha tulad ng mga break o tanghalian, kapag nasa copy room, kapag tumitingin ng mga mailbox, atbp.

- Ipaskil ang pinakamataas na bilang ng mga tao sa loob ng mga kuwarto ng mga tauhan batay sa distansyang 6 na talampakan. Markahan ang mga lugar kung saan uupo o tatayo ang mga tauhan nang may distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa.



- Magpaskil ng paunawang nagpapaalala sa mga tauhan na magpanatili ng distansyang 6 na talampakan mula sa isa't isa, panatilihing nakasuot ang kanilang mga facemask maliban na lang kung kakain, maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain, at i-disinfect ang kanilang lugar pagkatapos itong gamitin.
- Pigilan ang mga tauhan na kumain nang magkakasama lalo na kapag nasa loob. Isaalang-alang na gumawa ng pribadong lugar sa labas kung saan maaaring kumain at magpahinga ang mga tauhan.
- Buksan ang mga bintana at pinto para mapalawak ang bentilasyon kapag posible lalo na kung kumakain ang mga tauhan o kung malapit nang umabot sa pinakamataas na pinapayagang bilang ng tao ang kwarto.

Grupong Kantahan/Chorus, Banda, Sports, at Mga Field Trip

- Iwasan ang pang-grupong kantahan. Suspindihin ang choir at mga wind instrument (banda). Mas mataas ang panganib na mahawa ng COVID-19 mula sa mga aktibidad na ito dahil sa mas malalaking bilang ng mga nabubuong respiratory droplet. Pinapayagan ang mga percussion at string instrument.
- Limitahan ang physical education (PE) at sports sa mga aktibidad na hindi kailangan ng malapitang pakikisalamuha sa iba pang mag-aaral o ng kagamitang hinihiram o ginagamit ng ibang tao, hanggang sa mag-abiso ang mga lokal na opisyal ng pampublikong kalusugan na maaari nang gawin ang mga aktibidad na iyon.
- Kasalukuyang ipinagbabawal ang mga field trip.

Mga mag-aaral na nakatatanggap ng mga espesyal na serbisyo

- Dapat matugunan ang mga tulong at kaugnay na serbisyo para sa special education, mga kapansanan sa pagkatuto, at mga medikal na kundisyon kahit na magkakaroon ng mga pagpapalipat-lipat sa pagitan ng mga cohort dahil dito. Subaybayan ang mga batang nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagpapanatili ng physical distancing, pagsusuot ng pantakip sa mukha, o paghuhugas ng kamay.
- Maaaring kailangan ng karagdagang tulong para sa mga mag-aaral para ligtas na makadalo sa klase. Halimbawa, ang isang mag-aaral na hindi kayang tiising magsuot ng pantakip sa mukha dahil sa medikal o developmental na kundisyon ay maaaring mangailangan ng mesang may mga clear na screen o pampribadong balakid.
- Ang mga nurse at therapist na hindi mga empleyado ng paaralan ngunit nag-aasikaso ng mga mag-aaral sa mga paaralan, tulad ng mga occupational therapist at physical therapist, ay itinuturing na mga essential na tauhan at dapat silang payagan sa campus para makapagbigay ng mga serbisyo.
 - Kapag pansamantalang hindi makakapasok sa paaralan ang mga mag-aaral dahil sa pagkakahawa ng o pagkakalantad sa COVID-19, pag-isipang magtaguyod ng mga telehealth na video session para sa therapy.




Kapag may mga sintomas ng COVID-19 ang isang tauhan o mag-aaral

- Magtalaga ng mga isolation room para sa mga mag-aaral na may mga sintomas ng COVID-19, at sumangguni sa mga pamamaraan ng kanilang paaralan para sa pag-aasikaso ng mga mag-aaral na may COVID-19.
- Dapat abisuhan ng mga tauhan ang kanilang supervisor at dapat silang umalis sa trabaho sa lalong madaling panahon. Ang gabay ng SFDPH tungkol sa kung kailan maaaring bumalik sa trabaho ang mga empleyadong may COVID-19 ay makikita sa <https://sfdph.org/rtw>.
- Dapat pauwiin ang mga mag-aaral na may mga sintomas. Hindi dapat bumalik sa paaralan ang mga mag-aaral hangga't matugunan nila ang mga pamantayan sa "Mga Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Teenager (COVID-19 Health Checks for Children and Youth)." May makukuhang handout para sa magulang na may pamagat na, "*Para sa Mga Magulang at Tagapangalaga: Mga Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19 para sa Mga Bata at Teenager/ Kung May Mga Sintomas ang Iyong Anak (For Parents and Guardians: COVID-19 Health Checks for Children and Youth/ If Your Child Has Symptoms)*". Ang parehong dokumento ay nasa <http://sfdcp.org/covidschoolschildcare>.
 - Panatilihin ang mga mag-aaral na naghihintay na masundo sa isang nakatalagang isolation room, mas mainam kung sa lugar na hindi pinapasukan o dinaraan ng ibang tao. Tiyaking pinapanatili dapat ng mga mag-aaral na nakasuot ang kanilang pantakip sa mukha.
 - Kapag may dumating na magulang o tagapag-alaga para sunduin ang isang mag-aaral, palakarin ang mag-aaral palabas para makipagkita sa kanila kung posible sa halip na payagan ang magulang o tagapag-alaga na pumasok sa gusali. Dahil ang karamihan ng mga batang may COVID-19 ay nahawahan ng magulang o iba pang adult sa kanilang bahay, maaaring may COVID-19 din ang magulang.
- Maghanap ng mga alternatibong lokasyon para sa mga klase na may mga regular na silid-aralan na nililinis o dini-disinfect.
- Magbukas ng mga bintana sa mga lugar na ginamit ng may sakit na tao para mapalawak ang sirkulasyon ng sariling hangin. Isara ang mga lugar na iyon sa lalong madaling panahon, hanggang sa maaari nang linisan o i-disinfect ang mga ito.

Kapag nagpositibo sa COVID-19 ang isang tauhan o mag-aaral


- Makipag-ugnayan sa **Mga Paaralan at Hub ng Pangangalaga sa Bata ng SFDPH** sa lalong madaling panahon.
Tumawag sa (415) 554-2830. Pindutin ang 1 para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang 6 para sa Mga Paaralan, o mag-email sa Schools-childcaresites@sfdph.org
Tutulungan ng SFDPH ang paaralan na tukuyin kung kailangang isara ang silid-aralan, cohort, o paaralan. Mas maliit ang posibilidad na kailangang isara ang buong paaralan para sa mga paaralang may mga cohort na mas maliit at mas matatag.



- Makipagtulungan sa SFPDH para matukoy ang mga indibidwal na malapitang nakasalamuha ang taong may COVID-19. Ang mga nailantad na indibidwal o ang kanilang mga pamilya ay dapat na abisuhan, alam kung paano magpasuri, at nauunawaan kung kailan sila makakabalik o kung kailan makakabalik ang kanilang anak sa paaralan na karaniwan ay pagkalipas ng 14 na araw mula nang mailantad.
- Abisuhan ang lahat ng tauhan ng paaralan, pamilya, at mag-aaral na may indibidwal sa paaralan na nakumpirmang may COVID-19. Huwag ipaalam ang pagkakakilanlan ng tao gaya ng iniaatas ng Americans with Disabilities Act, Family Education Rights, at Privacy Act.
- Magbukas ng mga bintana sa mga lugar na ginamit ng may sakit na tao para mapalawak ang sirkulasyon ng sariwang hangin. Isara ang mga lugar na iyon sa lalong madaling panahon, hanggang sa maaari nang linisan o i-disinfect ang mga ito.

Mga Resource

- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH)
 - **Mga Paaralan at Hub ng Pangangalaga sa Bata ng SFPDH** para sa mga konsultasyon at gabay tungkol sa COVID-19 (415) 554-2830. Pindutin ang 1 para sa COVID-19, pagkatapos ay pindutin ang 6 para sa Mga Paaralan
Schools-childcaresites@sfdph.org
 - Gabay tungkol sa COVID-19 para sa publiko, kabilang ang mga paaralan at employer
<https://www.sfdph.org/covid19>
 - *Handout Para sa Magulang at Tagapangalaga: Mga Pagsusuri ng Kalusugan para sa COVID-19/Kung May Mga Sintomas ang Iyong Anak.* May mga tagubilin para sa mga magulang tungkol sa mga pagsusuri para sa kalusugan at mga alituntunin sa pagbalik sa paaralan kung may mga sintomas ng COVID-19 ang kanilang anak, sa
<http://sfdcdp.org/covidschoolschildcare>
 - *Outreach Toolkit Para sa Coronavirus (Outreach Toolkit for Coronavirus).* May mga poster at flyer tungkol sa physical distancing, hygiene ng kamay, mga face mask, mga pagsusuri para sa kalusugan, pagpapasuri, at iba pang paksa tungkol sa COVID-19 sa
<https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>
- Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH)
“Gabay sa Industriya Para sa COVID-19: Mga Paaralan at Mga Programa sa Paaralan (COVID-19 Industry Guidance: Schools and School Based Programs)”
<https://covid19.ca.gov/pdf/guidance-schools.pdf>
- Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE)
“Mas Malakas Kapag Magkakasama Isang Guidebook Para sa Ligtas na Muling Pagbubukas ng Mga Pampublikong Paaralan sa California (Stronger Together A Guidebook for the Safe Reopening of California’s Public Schools)”
<https://www.cde.ca.gov/ls/he/hn/documents/strongertogether.pdf>



- Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
 - Gabay para sa Mga Paaralan at Pag-aalaga sa Bata (Guidance for Schools and Childcare) <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/index.html>
 - Paglilinis at Pag-disinfect Para sa Mga Pasilidad ng Komunidad (Cleaning and Disinfection for Community Facilities) <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html>
- American Academy of Pediatrics

“Mga Pagsasaalang-alang sa Pagpapalano Para sa COVID-19: Gabay Para sa Muling Pagpasok sa Paaralan (COVID-19 Planning Considerations: Guidance for School Re-entry)” <https://services.aap.org/en/pages/2019-novel-coronavirus-covid-19-infections/clinical-guidance/covid-19-planning-considerations-return-to-in-person-education-in-schools/>
- Harvard TH Chan School of Public Health

“Mga Paaralan Para sa Kalusugan: Mga Istratehiya sa Pagpapaliit sa Panganib Para sa Muling Pagbubukas ng Mga Paaralan (Schools for Health: Risk Reduction Strategies for Reopening Schools)” <https://schools.forhealth.org/wp-content/uploads/sites/19/2020/06/Harvard-Healthy-Buildings-Program-Schools-For-Health-Reopening-Covid-19-June2020.pdf>

Ang dokumentong ito ay na-update
noong Agosto 10, 2020.
Nagsisimula ang pagsasalin ng Filipino